Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
No: ______
Date: JUL 15 2019 By: ______
RELEASED

Hulyo 15, 2019

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababa at Mataas Na Paaralan
Guro sa Filipino

Mahal na Ginoo/Madam:

Kalakip nito ay kalatas mula sa Opisina ng *Regional Director* at sulat paanyaya mula sa Dekano ng Kolehiyo ng Edukasyon ng Jose Rizal Memorial State College ng Siyudad ng Dapitan, hinggil sa **"Panrehiyong Seminar sa Pananaliksik sa Wika at Kultura: Pagpapahalaga at Pagpreserba sa mga Katutubong Wika bilang Yaman Ng Bansang Filipino"** na gaganapin sa **Dapitan City Cultural and Sports Center** ngayong **10-11 ng Agosto 2019 ( Sabado at Linggo)** para sa kabatiran at patnubay ng lahat na kinauukulan.

Hinihiling ang madaliang pagpapalaganap ng kalakip ng impormasyong ito.

Sumasainyo,

**PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD, CSEE**
Tagapamanihala Ng Sangay

Republic of the Philippines
**JOSE RIZAL MEMORIAL STATE UNIVERSITY**
*The Premier University in Zamboanga del Norte*
Gov. Guading Adaza St., Sta. Cruz, Dapitan City
Province of Zamboanga del Norte

**TANGGAPAN NG SENTRO NG WIKA AT KULTURA**

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
No: ____
JUL 15 2019 By: ____
RECEIVED

**Philosophy**

Jose Rizal Memorial State University adheres to the principle of dynamism and cultural diversity in building a just and humane society.

**Vision**

A dynamic and diverse internationally recognized university.

**Mission**

Jose Rizal Memorial State University pledges itself to deliver effective and efficient services along instruction, research, extension and production.

It commits to provide advanced professional, technical and technopreneurial training with the aim of producing highly competent, innovative and self-renewed individuals.

**Goals**

Jose Rizal Memorial State University focuses on developing graduates who are exemplars of Rizal's ideals that can:

E - xhibit relevant and responsive competencies across disciplines towards

X - enial delivery of services

C - ommunicate ideas proficiently in both written and spoken form

E - ngage in lifelong learning

L - ead effectively and efficiently amidst socio-cultural diversity

L - ive up to the challenges of the global community

E - mbody professional, social and ethical responsibilities

N - urture a harmonious environment

C - onserve and promote Filipino cultural heritage and

E - valuate their contribution to the local and global communities.

12 Hulyo 2019

*Opisina ng Superintendente*
*Dibisyon ng Zamboanga del Norte*
*Zamboanga del Norte, Rehiyon IX*

**Mahal na Superintendente:**

Ang Sentro ng Wika at Kultura ng Komisyon sa Wikang Filipino na nakabase sa Jose Rizal Memorial University, Lungsod ng Dapitan ay magdaraos ng **Panrehiyong Seminar sa Pananaliksik sa Wika at Kultura: Pagpapahalaga at Pagpreserba sa mga Katutubong Wika bilang Yaman ng Bansang Filipino,** isang gawaing magbibigay-kulay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na may temang **"Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino"** na gaganapin sa **Dapitan City Cultural and Sports Center** ngayong **10-11 ng Agosto 2019**.

Ang Panrehiyong Seminar sa Pananaliksik sa Wika at Kultura ay isang pagtitipong pang-intelektuwal na dadaluhan ng mga guro sa elementarya, sekondarya, mga guro sa kolehiyo at mga mag-aaral na nagpakadalubhasa sa Filipino. Magkakaroon ng lektyur hinggil sa pananaliksik, paraan ng pagbuo nito at kahalagahan ng pananaliksik.

Layunin ng gawaing ito ang mapapalawak ang kakayahan ng mga guro sa larangan ng pananaliksik upang makasabay sa globalisasyon at milenyal na pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral, masasanay at mahahasa ang sarili sa pagtuturo na nakabatay sa pananaliksik upang makatulong sa pagpapalawak ng kaisipan, pandama at kahusayan sa paggawa, matutugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng ating wika at kultura sa pamamagitan ng paggamit nito bilang midyum sa pagtuturo, mapahalagahan at mapreserba ang mga katutubong wika bilang yaman ng bansang Filipino at mailathala ang mga papel pananaliksik sa opisyal na dyurnal ng sentro.

Hinihiling po ang inyong suporta sa nabanggit na gawain sa pamamagitan ng **pagpapadala ng kaguruan sa ilalim ng inyong pamumuno upang makiisa at makilahok sa pagpreserba ng ating kultura.**

Ang inyo pong pagsuporta ay labis na makatutulong sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng ating mga katutubong wika na tatak ng ating pagka-Filipino.

Lubos na gumagalang,

**NARCISA S. BUREROS, EdD**
*Dekano ng Kolehiyo ng Edukasyon /*
*Direktor, Sentro ng Wika at Kultura*

Republic of the Philippines
# Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula
Airport Road, Tiguma, Pagadian City

July 8, 2019

DepEd RO IX, RECORDS SECTION
NO. 4303
BY: DATE: 09 JUL 2019
RELEASED

To: All Schools Division Superintendents
This Region

Dear Sirs/Mesdames,

Attached is a letter from the office of Narcisa S. Bureros, EdD, Dean College of Education, Jose Rizal Memorial State College, Gov. Guading Adaza St., Sta. Cruz, Dapitan City, dated June 14, 2019, re: conduct of **"Panrehiyong Seminar sa Pananaliksik sa Wika at Kulture: Pagpapahalaga at Pagpreserba sa mga Katutubong Wika bilang yaman ng Bansang Filipino"** at Dapitan City Cultural and Sports Center on August 10-11, 2019, for information and dissemination.

Thank you very much.

Very truly yours,

For the Regional Director:

**MAT RANILLO O. SINGSON, Ed. D.**
Chief, FTAD
OIC, Office of the Regional Director

Incls:,
As stated.

CLMD-IL- 027

Republic of the Philippines
**JOSE RIZAL MEMORIAL STATE UNIVERSITY**
*The Premier University in Zamboanga del Norte*
Gov. Guading Adaza St. Sta. Cruz, Dapitan City
Province of Zamboanga del Norte

TANGGAPAN NG SENTRO NG WIKA AT KULTURA

Philosophy

Vision

Mission

Goals

14 Hunyo 2019

**DR. ISABELITA M. BORRES, CESO III**
*Direktor ng Rehiyon*
*Departamento ng Edukasyon*
*Rehiyon IX*

**Mahal na Dr. Borres:**

Ang Sentro ng Wika at Kultura ng Komisyon sa Wikang Filipino na nakabase sa Jose Rizal Memorial University, Lungsod ng Dapitan ay magdaraos ng **Panrehiyong Seminar sa Pananaliksik sa Wika at Kultura: Pagpapahalaga at Pagpreserba sa mga Katutubong Wika bilang Yaman ng Bansang Filipino** na gaganapin sa Dapitan City Cultural and Sports Center ngayong 10-11 ng Agosto 2019, isang gawaing magbibigay-kulay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na may temang **"Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino."**

Ang Panrehiyong Seminar sa Pananaliksik sa Wika at Kultura ay isang pagtitipong pang-intelektuwal na dadaluhan ng mga guro sa elementarya, sekondarya, mga guro sa kolehiyo at mga mag-aaral na nagpakadalubhasa sa Filipino. Magkakaroon ng lektyur hinggil sa pananaliksik, paraan ng pagbuo nito at kahalagahan ng pananaliksik.

Layunin ng gawaing ito ang mapapalawak ang kakayahan ng mga guro sa larangan ng pananaliksik upang makasabay sa globalisasyon at milenyal na pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral, masasanay at mahahasa ang sining sa pagtuturo na nakabatay sa pananaliksik upang makatulong sa pagpapalawak ng kaisipan, pandama at kahusayan sa paggawa, matutugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng ating wika at kultura sa pamamagitan ng paggamit nito bilang midyum sa pagtuturo, mapahalagahan at mapreserba ang mga katutubong wika bilang yaman ng bansang Filipino at mailathala ang mga papel pananaliksik sa opisyal na dyurnal ng sentro.

May butaw na Php 1,200.00 para sa apat na meryenda, dalawang pananghalian, kit at honoraryum ng mga tagapanayam.

Hinihiling po ang inyong pag-indorso sa nabanggit na gawain sa mga kaguruang nagtuturo sa Filipino sa mga sangay ng Rehiyon IX.

Ang inyo pong pagsuporta ay labis na makatutulong sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng ating mga katutubong wika na tatak ng ating pagka-Filipino.

Kung may mga katanungan at nais lilinawin, maaari pong makipag-ugnayan sa maylagda sa kanyang numero 09204034697 at 09261267841.

Lubos na gumagalang,

**NARCISA S. BUREROS, EdD**
*Dekano ng Kolehiyo ng Edukasyon*
*Direktor, Sentro ng Wika at Kultura*

**SENTRO NG WIKA AT KULTURA**
**JOSE RIZAL MEMORIAL STATE UNIVERSITY**

*Panrehiyong Seminar sa Pananaliksik sa Wika at Kultura:*
*Pagpapahalaga at Pagpreserba sa mga Katutubong Wika*
*bilang Yaman ng Bansang Filipino*

**"Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino"**
Dapitan City Cultural and Sports Center, Lungsod Dapitan
10-11 Agosto 2019

## PROGRAMA NG MGA GAWAIN

| | | |
|---|---|---|
| **9 Agosto 2019** | Rehistrasyon | |
| 3:00-5:00 nh | | |
| **10 Agosto 2019** | | |
| 7:30-8:30 nu | Pagpapatala | |
| 8:30-9:30 nu | Pambungad na Palatuntunan | |
| | Panalangin | **LUNDAYAN CHORISTERS** |
| | Pambansang Awit | **LUNDAYAN CHORISTERS** |
| | | Administrador, JRMSU Dapitan |
| | Bating Pagtanggap | **DR. NARCISA S. BUREROS** |
| | | Dekano ng Kolehiyo ng Edukasyon / |
| | | Direktor, SWK, JRMSU Dapitan |
| | Mensahe | **DR. DAYLINDA LUZ R. LAPUT** |
| | | Pangulo, JRMSU System |
| | Paningit-bilang | **LUNDAYAN DANCE TROUPE** |
| | | JRMSU Dapitan |
| | Paglulunsad ng Aklat | |
| 9:30-11:30 nu | Pamaksang Tagapanayam | |
| | ***Paksa: Pananaliksik: Halaga, Tungkulin, at Tunguhin*** | |
| 11:30 nu-12:00 nt | Malayang Talakayan | |
| 1:00-2:45 nh | Pamaksang Tagapanayam | |
| | **Paksa: Wika at Kultura: Pagpapahalaga at Pagpreserba** | |
| 2:45 – 3:00 nh | Malayang Talakayan | |
| 3:00 – 3:15 nh | Meryenda | |
| 3:15-4:45 nh | Pamaksang Tagapanayam | |
| | **Paksa: Pagbuo ng Mailathalang Pananaliksik** | |
| 4:45 – 5:00 nh | Malayang Talakayan | |
| **11 Agosto 2019** | | |
| 7:30-8:00 nu | Pagpapatala | |
| 8:00-9:00 nu | Pamaksang Tagapanayam | |
| | **Paksa: Mga Usapin sa Pag-aaral ng Katutubong Panitikan** | |
| 9:00 – 9:15 nu | Malayang Talakayan | |
| 9:15 – 9:30 nu | Meryenda | |
| 9:30 – 10:30 nu | Pamaksang Tagapanayam | |
| | **Paksa: Pagtuturong Nakabatay sa Pananaliksik** | |
| 10:30 – 10:45 nu | Malayang Talakayan | |
| 10:45 nu – 12:00 nt | Pagpasa ng mga Papel Pananaliksik | |
| 12:00 – 1:00 nh | Pagbasa ng mga Papel Pananaliksik | |
| 3:00 – 4:00 nh | Pampinid na Palatuntunan | |
| | Pamamahagi ng Sertipiko | |
| | Pangwakas na Pananalita | **DR. MARVIN A. RECAPENTE** |
| | | Administrador ng Kampus |

Guro ng Palatuntunan

**Gng. MARIA LOREEN G. BORGONIA**
*Instruktor sa Filipino / Tagapagdaloy ng Programa*
*Jose Rizal Memorial State University*
*Lungsod Dapitan*